

1

“He’s not worth your tears,” pang-aalo ni Elena Navarro sa matalik niyang kaibigang si Hazel. Kilala siya sa palayaw na ‘Lena’. “Kalimutan mo na lang ang mokong na ’yun!” Hinagud-hagod niya ang likod nito para patahanin. Kasi kapag hindi ito nanahimik ay siya rin ang kawawa. Hindi siya makakapagsulat at malilintikan siya sa literary agent niya.

“He cheated on me!” her friend continued, crying. “Minahal ko siya, pero niloko niya ako! Ano ba’ng ginawa kong mali?”

Lena shut her eyes and shook her head slightly. Hindi na niya alam ang gagawin para patahanin ito. Dalawang buwan na ang nakakaraan simula noong malaman nila na may ibang babae ang nobyo ni Hazel na si Dino. At dahil sa iisang bahay lamang sila nakatira ay dalawang buwan na rin siyang tulig sa kakangawa nito. Lahat na yata ng words of wisdom na maaaring sabihin dito ay nasabi na niya, pero wala pa ring epekto. Patuloy lang ang pag-self-pity nito na animo’y umaarte para sa isang episode ng *Maalaala Mo Kaya*. Kung bakit kasi naisipan pang landiin ng magaling na si Dino ang katrabaho nito!

“Look,” Lena sighed, “he’s a seaman. At alam mo naman ’yung kasabihan tungkol sa kanila, di ba? *Seaman-loloko* sila.”

“Tbinigay ko sa kanya ang lahat! We’re supposed to get married and live in Tagaytay with our two cute kids!”

“Eh, kung hindi ka ba naman kasi sira!” Ngalingali siyang batukan ito. “Sino ba’ng may-sabi sa ’yo na ’wag kang magtira para sa sarili mo? Isa pa, kasal, bahay, at anak na kaagad ang nasa kukote mo, eh, hindi pa naman nagpo-propose sa ’yo ’yung gago. Naku! Kung hindi lang kita best friend ay inuntog na kita sa pader.”

Sumosobra na ang kadramahan ni Hazel. Kailangan na nitong matauhan. Wala nang panahon si Lena para intindihin ang failed love life nito. She needed to finish her manuscript in two days at may isang buong kabanata pa siyang hindi naisusulat. Makakatikim talaga siya ng gulpi de gulat kay Wendy kapag nagkataon.

Bahagyang tumahimik ang umiiyak na babae nang marinig ang litanya niya, pero hikbi pa rin ito nang hikbi. Marahil ay natakot sa kanya o di kaya ay na-realize nito na katangahan na ang walang humpay na pag-iyak.

“I’m sorry...” she said in between sobs. “Sorry kung nagiging pabigat na ako sa ’yo.” She sure knew how to make Lena feel guilty.

“Hindi ka pabigat,” aniya, sabay kamot sa batok. “Hindi ko lang ma-take na makita kang ganyan. Sa araw umiikot ang mundo at hindi kay Dino, okay? At intindihin mo din naman ako dahil mawawalan ako ng hanapbuhay kapag hindi ko natapos ’yung manuscript ko.”

“Okay,” Hazel suddenly said with conviction. “Bukas na bukas ay lalabas ako. Magpapagupit, magsa-shopping, at magpapaganda ako para kapag nagkita kami n’ung damuhong iyon ay maglalaway at manghihinayang siya’t pinakawalan niya ako!”

“That’s more like it!” Parang nabunutan ng tinik sa lalamunan si Lena sa kanyang narinig. Sa wakas ay makakatakas na rin siya sa pagbe-babysit kay Hazel. Muntik pa siyang mapa-sign of the cross sa sobrang galak. “Kung wala lang akong deadline ay sasamahan pa kitang magpa-salon at mag-mall.”

Matagal nang magkaibigan sina Lena and Hazel. Magkapitbahay sila noon sa Pinagbuhatan, Pasig at sabay na nagtrabaho sa Hong Kong bilang OFW ang mga nanay nila. Ang mga tatay naman nila ay parehong driver ng tricycle. They had so

much in common, kaya ganoon na lamang ang pagkakalapit nila sa isa't isa. Pareho silang pumasok sa iisang eskuwelahan nang sila ay nasa pre-school, elementary, at high school.

Noong kolehiyo ay pumasok sila sa parehong universidad, pero magkaiba ang mga kursong kinuha nila. Nursing ang kay Hazel samantalang Literature naman si Lena. At ngayong nagtatrabaho na sila ay nakatira sila sa iisang bahay. Sa Bicol na kasi naka-base ang mga magulang ni Hazel. Si Mr. and Mrs. Navarro naman ay sa Hong Kong. At dahil ayaw nilang mawalay sa isa't isa ay nanatili silang dalawa sa Maynila.

Na-delay si Lena sa pagpapasa ng manuscript ng isang araw. Pero dahil happy ending ang bago niyang istorya ay halos halikan siya ni Wendy sa tuwa. Romantic-tragic novels ang madalas niyang sinusulat. Tatlong istorya na ang napa-publish niya at lahat ng bida sa mga libro niyang iyon ay pinatay niya.

Her first novel was about a soldier who fell in love with a rebel girl; parehong namatay sa isang crossfire sa *Mount Banahaw* sa probinsya ng Quezon. Ang pangalawa niyang nobela ay kuwento ng isang

boxer na nahulog sa pamangkin ng coach nito; na-comatose matapos ang isang boxing match at namatay pagkatapos ng ilang araw. At ang huli ay tungkol sa pagmamahal ng isang musikero sa isang painter; pumanaw ang dalawa dahil bumagsak ang eroplanong sinasakyan ng mga ito papuntang Brazil kung saan magha-honeymoon.

Mahal niya ang pagsulat at masaya siya. Sideline niya ang creative writing. Ang totoong trabaho niya ay ang i-proofread ang mga articles na ipina-publish sa isang local magazine.

Lena would give herself a three-day break whenever she finished a manuscript. Iyon ang paraan niya para i-recharge ang imagination niya, pero sa ikalawang araw pa lamang ng bakasyon niya ay na-stress na siya. Isang gabi ay naalimpungatan siya. Nakarinig siya ng walang humpay na pagsinghot at paghikbi.

Nakaupo si Hazel sa paanan ng kama niya. Yakap-yakap nito ang magkabilang tuhod na animo batang natatakot sa multo o kidlat.

“Heto na naman po kami,” bulong ni Lena sa sarili. She pushed herself up and sat next to her friend. “What is it now?” pupungas-pungas na usisa niya.

Hazel refused to say a word. She just shook her head and continued sobbing.

“Come on, say it. Ano ba’ng nangyari’t nagkakaganyan ka? In-stalk mo na naman si Dino, ano! I told you na tigilan mo ang kaka-check ng *Facebook* account niya’t masasaktan ka lang.”

“It’s... it’s...” She turned to her with a swollen nose and puppy eyes. “It’s Valentine’s Day today!” Pagkasabi niyon ay ngumawa na ito na parang balyena. “Pupunta dapat kami sa El Nido ngayon! Waah! I so hate him! Bakit ba siya pa ang minahal ko?”

Halos mabingi si Lena sa lakas ng hiyaw nito. *I swear to God, I’m gonna kill that Dino!* she thought furiously. *Ako ang nagdudusa sa pambababae niyang walanghiya siya!*

“It’s okay,” Hinila niya si Hazel upang yakapin at sinubukang aluin. “Just breathe and let it all out. Pasasaan ba’t makakalimot ka din.”

“Help me, Lena,” she said, calming down a little. “Tulungan mo akong kalimutan siya.”

“Sus!” di-napigilang bulalas niya. “Kung alam ko lang kung paano kita matutulungan para mawala na sa isip mo ’yung sira-ulo mong ex ay matagal ko

nang ginawa.”

“Eh, anong gusto mong gawin ko?” parang galit pang sagot nito. “We’ve been together for ten years. You can’t expect me to be okay after two months. Besides, I still love him with all my heart. Kung hihingi nga lamang siya ng tawad ay papatawarin ko siya, eh. I’d take him back with open arms kung magso-sorry—”

“Hell, no!” Lena stood up and faced her friend. “Anong open arms-open arms na pinagsasabi mo diyan? Baka gusto mong bigyan kita ng uppercut para magising ka! You gave him all your heart and he threw it away like garbage, for heaven’s sake!”

Pero matigas ito. “Basta mahal ko siya! He’s only human, anyways. Natural lang na magkasala siya pamin—”

“Stop it!” naiiritang banat niya. “Just when I thought you couldn’t get any more pathetic. Sinaktan ka niya, pero heto ka’t ipinagtatanggol pa din siya. What’s wrong with you?”

“I told you I love him! I still love him!”

“Lintik na love ’yan!” Lena clenched her fists. “I’ve had enough of this shit. I’m your friend and you know how much I care for you, but you can’t

make me watch while you're wasting your life on some worthless dude." She walked out of the room.

She drove to Alabang that instant and checked in at *Bellevue*. She had to get away from Hazel or she would lose her mind. She knew that she shouldn't have left Hazel alone, but conversations about Dino was making her sick. Hindi na niya ma-take ang kagagahang pinapairal ng kaibigan niya.

"She's vulnerable," bulong niya sa sarili, "but she's way too smart and way too cowardly to commit suicide. She can manage by herself for a few hours." Isa pa, hindi niya ito matutulungan kung hindi nito tutulungan ang sarili. "Mending her heart is her job, not mine."

Dumerecho siya sa bar ng nasabing hotel at uminom ng champagne para kalmahin ang sarili. She drank champagne until she felt bloated. At aktong tatayo na siya para magpahinga sa kuwarto niya ng bigla siyang lapitan ng isang lalaki. He's a very tall guy in a black suit, a plain white t-shirt, and a pair of denim jeans. Sa estima ni Lena ay nasa 5'8" o 5'9" ito.

The stranger cleared his throat, then greeted her. "Hi."

Shivers went up her spine nang marinig niya ang malamig na tinig nito. Dahan-dahan siyang nagangat ng paningin. And to her surprise, his face is just as beautiful as his voice is. He has a prominent set of jaws, a pointed nose, and pinkish lips. And his eyes are the blackest and the shiniest eyes she's ever seen.

“H-ello...” alangang tugon ni Lena. “C-can I help you?”

“I was just wondering if I can share your table?” he said, giving her a very warm smile. “Or are you waiting for somebody?”

Napalunok pa siya sa puti ng ngipin nito. “G-go ahead...” At bakit hindi niya mapigilang hindi mangatal?

“Nandoon ako sa bar,” he said while making himself comfortable on the chair in front of her, “at napansin ko lang na puro ka buntong-hininga. It'll sound weird 'cause we're strangers, but are you okay?”

Nag-init ang mga pisngi niya sa concern na nasa boses ng kausap. “I-I'm okay...” nahihiyang aniya. “Marami lang akong iniisip.”

“Right...” Tumango ito at saka inilahad ang

kamay sa harapan niya. “I’m Jayce, by the way.”

She took it, thinking that it wouldn’t do her any harm since he seemed like a decent guy. “Le—” natigilan siya ng maglapat ang mga palad nila. A volt of electricity ran from his hand to hers and it spread throughout her body. She felt like she’s gonna collapse any second. ’L-Lena...” kabadong pagpapakilala niya.

“So?” Jayce started. “Ano’ng nasa isip mo? Boyfriend issues?”

“Yes,” hindi niya napigilang mapailing nang maalala si Hazel at Dino. “My best friend’s boyfriend issues.”

“Sorry?” nanlalaki ang mga matang anito. “Tama ba ang dinig ko? Boyfriend ng best friend mo?”

“My best friend’s boyfriend cheated on her, at ako ang problemado dahil hindi pa din tumitigil sa kakaiyak ’yung kaibigan ko. Hindi ko na laman kung ano ang gagawin ko para tulungan siyang maka-move on,” mahabang paliwanag niya. “I’m just tired of her whining kaya ako nandito.”

“Oh! I see,” Jayce nodded appreciatively. “Akala ko pinagsabay kayo ng isang lalaki.”

“Do I look that kind of girl to you?” birong paghahamon niya dito.

“No,” he leaned closer. “For me, you look nothing but gorgeous.”

It’s been a long time since Lena flirted with a guy. Nasa kolehiyo pa siya noong huling magkaroon siya ng kasintahan. She became so focused with writing and romance just never crossed her mind ’til now. Jayce is handsome and he’s definitely a smooth talker. She doesn’t normally talk to strangers, but he was able to win her over with just a ‘Hi’. There’s just something about him that makes her wanna drool.

Nang muling i-check ni Lena ang wristwatch niya ay mag-a-alas dos na ng madaling araw. Masyado siyang nag-enjoy sa company ni Jayce hindi na niya namalayan na nakaubos na sila ng isang boteng champagne. Natural ang pagiging komedyante nito at nagawa nitong ilihis ang utak niya sa problema ni Hazel. And she was already very dizzy when she decided to say goodnight.

“I should go back to my room,” nahihilong niya. “It’s really nice to meet you, Jayce.”

“It’s nice to meet you, too,” tumayo si Jayce para alalayan siya. “Marunong ako ng karate, kung

gusto mong ipabugbog 'yung Dino na 'yun. Just tell me and I'll teach him a lesson or two."

"Thank you, but I don't think that's necessary," she chuckled. "He'll get his karma soon enough and—" She's so drunk she didn't see where she's going. Natapilok siya sa paa ng silya niya. Kung hindi siya nasalo ni Jayce ay plakda siya, una ang mukha.

"May be, I should escort you to your room."

"No, thanks," mariing tanggi niya. Kung bakit naman kasi nakipagsabayan siya ng tungga kay Jayce. "I can manage."

"I insist. What's your room number?"

Bigla siyang natauhan sa tanong nito. Hindi naman mukhang masamang tao si Jayce, pero hindi niya ito lubos na kilala kaya naalarma siya. *Looks can be deceiving*, paalala niya sa sarili. Paano kung isa itong rapist or serial killer? Paano kung may nilagay pala ito sa inumin niya kanina? She had to get herself together. Kailangan niyang umayos.

"Kaya ko," matigas na sabi ni Lena.

"Let me assist you. Please?"

Bakit ba ipinipilit nitong ihatid siya sa kuwarto? Sinabi na ngang kaya niya eh! Siguro ay may

balak nga talaga itong hindi maganda sa kanya! Adrenaline kicked in and she's suddenly wide awake. Para siyang binuhusan ng nagyeyelong tubig.

“I said no!” malakas na ani Lena, causing a scene. Pinagtinginan sila ng mga tao sa paligid. Nakakahiya, pero mabuti na din iyon para kung may gagawin ngang masama si Jayce sa kanya ay maraming magtuturo dito bilang suspect.

“I'm just trying to help you,” he tried to touch her arm, but she screeched.

“Get off me!” hysterical na sigaw niya. She shouldn't have shared her table with him!

Mabilis na dumating ang security para alamin kung ano ang nagyayari sa pagitan nila. Naiiyak na ikinuwento ni Lena sa mga ito na nagpupumilit si Jayce na pumasok sa kuwarto niya. And a crying woman can be very convincing kaya kaagad in-escort-an si Jayce palabas ng building.

Nasayang ang sampung libo ni Lena dahil hindi naman niya nagamit ang kuwartong binayaran niya. Natakot siya na baka abangan siya ni Jayce sa labas kaya kaagad siyang nag-hire ng hotel car para magpahatid sa bahay nila ni Hazel sa Signal Village, Taguig. Mas gugustuhin niyang makinig sa

mga walang kwentang kwento tungkol kay Dino kaysa ang mapahamak sa kamay ng guwapong estranghero. Titiisin na lamang niya ang pagngawa ng kaibigan.

Pagbukas na pagbukas niya ng pintuan ay sinalubong siya ni Hazel ng isang mahigpit na yakap. “I’m sorry! I promise, titigilan ko na si Dino,” panimulang litanya nito. “You’re right. He’s not worth it. I deserve someone better.”

Nang mahimasmasan at makaligo si Lena ay muli niyang binalikan ang nangyari sa Vue Bar. Kung iisipin kasing mabuti ay parang nag-over react lamang siya. Jayce wasn’t actually forcing to go to her room. He did insisted on assisting her, but there was a look of genuine concern on his face. Besides, his touch wasn’t at all sensual. Siko nga lang ang parte ng katawan niya na hinawakan nito.

“Oh! No,” she said, burying her face in her palms. “This is bad. This is so bad.” Did she just humiliated him for no good reason?

2

“Okay!” untag ni Lena ng sumunod na araw habang nag-aalmusal sila ni Hazel ng *Pancit Canton* at pandesal. Humila siya ng isang upuan sa tabi nito at saka kinausap nang masinsinan ang kaibigan. “I have an idea that might help you get over Dino. Let’s have a bet.”

Kunot-noong tiningnan siya ni Hazel. “Huh?” Halatang hindi ito nakatulog ng nakaraang gabi dahil lutang na lutang ang hitsura nito. “May sinabi ka ba?”

“Oo,” she said, rolling her eyes. “Sabi ko, magpustahan tayo. The loser treats winner to an all-expense paid trip to Japan.”

They’re both avid fans of the *Harry Potter* franchise kaya naman ganoon na lamang ang pagkinang ng mga mata ni Hazel nang marinig ang salitang Japan. Iyon ang pinakamalapit na *Wizarding World* sa Pilipinas, and they’ve been dreaming of visiting it for years.

“Anong pustahan ba ’yan? Sports ba? Gambling? Spelling bee?” excited na tanong nito. “Kahit ano,

game ako.”

“Okay...” Lena started. “Simula ngayon ay love life ang magiging least priority natin. Ang unang magka-jowa ang matatalo.” Naisip niya ang bagay na iyon hindi para maging matandang dalaga silang pareho. She just thought that her best friend could use a little distraction. Siguradong sa Japan iikot ang utak nito. Mawawalan ito ng panahon para isipin si Dino at iyon na ang magiging simula ng pagmumove on ng kaibigan. “So? Are you in?”

“Of course, I’m in! *Harry Potter* yata ang nakataya dito,” may pagsuntok pa sa ereng tugon nito. “Anyways, tayong dalawa lang ba ang maglalaban?”

“Sino pa ba gusto mong isali? Nakalimutan mo na bang bukod sa ating dalawa ay wala na tayong iba pang kaibigan?”

“Eh ano pa’ng hinihintay natin!?” Hazel exclaimed in excitement. “Simulan na natin ’tong pustahan na ito!”

“May the best woman win,” she said.

Yes! Lena thought. Ngayong may mabigat ng motivation si Hazel ay malaki ang pag-asang mawala na si Dino sa eksena. Wala siyang pakialam kahit na gumastos siya ng mahigit sa isang daang libong

piso. Ang mahalaga ay ang makalimot si Hazel at bumalik ang masayahing personalidad nito.

Lena held her hand out to seal their deal with a firm handshake. “Simulan mo nang mag-ipon,” nakangising banta niya dito. “Ako ang mananalo dahil mag-iisang dekada na akong single. Sanay ako ng walang jowa.”

“Ikaw ang mag-ipon dahil pupulbusin kita sa pustahang ikaw pa mismo ang nakaisip,” ganting banta nito sa kanya. “Thanks to Dino’s infidelity, man-hater na ako ngayon. Sa akin ang huling halakhak.”

“Man-hater pala ha? Prove it,” aniya sabay sukbit ng laptop bag niya sa balikat. “Basta ang unang kumerengkeng, talo.”

“Where are you going? Are you withdrawing from the bet kaya lalayanan mo ako?”

“May meeting ako kasama si Wendy. Kita na lang tayo mamaya.”

Hindi kailangang sumulat ni Lena ng bagong nobela, pero natanggap siya bilang isang scriptwriter para sa isang indie film na tungkol sa social media; ang masama at ang magandang naidulot nito sa lipunan, lalo na sa kabataan. Kailangan niyang

makipagkita doon sa direktor at sa ilang producers na involved sa *The Illusion Of Connectivity* sa Bistro Pamana sa Legaspi Village sa Makati. They have to finalize the script bago sila makapili ng mga artista.

Lena didn't get a lot from that movie, pero hindi siya nagreklamo kahit na kaunti. Experience kasi ang habol niya sa project na iyon at hindi pera. Gusto niyang maging versatile writer kaya lahat ng uri ng pagsusulat ay sinusubukan niya kahit pa parang nagkakawang-gawa na siya kapag minsan. And aside from being a novelist and a scriptwriter, she's also been trying to be a playwright. Nasa tatlo na nga siguro ang nagawa niyang draft, pero palagi siyang nabablangko kapag nasa climax na siya ng kuwento kaya wala pa siyang natatapos kahit na isang play.

Isang oras at trenta minutos bago ang call time ay umalis na si Lena ng bahay. May kalayuan kasi ang pupuntahan niya at ayaw naman niyang mahuli. She should've reached her destination in less than an hour, pero dahil may isang pasaway na motorsiklo sa may Nichols station ng *PNR* ay natagalan siya nang bongga. Nag-overtake ang motorcycle rider kaya nasagi ito ng bus. Wala namang nasaktan, pero tumagal ang traffic dahil ayaw makipag-areglo noong motorcycle rider. Lahat ng ka-meeting niya ay nasa restaurant na at nai-serve na din ang ilang

putahe noong dumating siya.

“Goddamn it!” inis na aniya sa sarili. Nakayuko niyang tinungo ang table na naka-reserve sa kanila at saka tumabi sa co-writer niyang si Paul. “Nagsimula na ba kayo?” bulong niya dito. “Am I super late?”

“You’re super late, pero hindi pa nagsisimila,” mahinang sagot nito. “Nagkumustahan lang kami.”

Nakahinga nang maluwag si Lena sa narinig. Baka bawiin pa kasi ang maliit na tseke na in-issue sa kanya dahil sa tardiness niya.

Lena thought that the worst have passed. Buong akala niya ay ligtas na siya. She thought nothing could go wrong from there because she didn’t really miss anything. Little did she know, she’s in for the most undesirable moment of her life.

Muntik na siyang malaglag sa kinauupuan nang mapag-sino niya ang taong nakaupo sa harapan niya. How could she ever forget his chiseled jaws, his pointed nose, his pinkish lips, and his black shiny eyes? Kung hindi nga lang nangangatog ang mga tuhod niya sa makahulugang tinging ibinabato nito kanya ay baka kumaripas na siya ng takbo pa-uwi para magtago.

Sa bilyun-bilyong tao sa mundo, bakit nakasama

pa si Jayce sa team ng indie film na tina-trabaho niya? Kapag sinusuwerte ka nga naman!

Sangkaterbang lunok-laway lamang ang nagawa ni Lena. *I mean*, she thought, *what am I supposed to do?*

Should she apologize? O magpanggap na lang kaya siyang inosente?

“Baka naman nakalimutan na niya ’yung nangyari sa Bellevue,” pagkukumbinsi niya sa sarili kahit na wala pang beinte kuwatro oras ang nakakaraan simula noong ipahiya niya ito sa bar ng isang five star hotel. “I’m gonna die!”

Nang mai-serve ang lahat ng in-order na pagkain sa lamesa nila ay nagsalita ang executive producer nilang si Jerry. He has a wide nose, wide lips, wide face, wide body, and he’s always wearing thick eyeglasses. Ipinakilala sila ni Jerry isa-isa. And as if her situation isn’t bad enough, Jerry introduced Jayce as the assistant director.

“Oh my God!” Lena mumbled to herself. “Why didn’t I meet him before? Bakit hindi siya ipinakilala ni Thelma?” tukoy niya sa payat at matangkad nilang direktor.

“Can I say something?” anang pamilyar na tinig

ni Jayce.

Shit... Mariing napapikit at napadasal si Lena. 'Yun na 'yun! He's gonna try to fire her and tell everyone how she humiliated him the night before. Katapusan na ng scriptwriting career niya kahit hindi pa iyon tuluyang nakakapagsimula.

“Please don't confuse my politeness with flirting or menace,” Jayce said then looked towards her direction meaningfully.

Everyone exchanged confused looks, maliban kay Lena na natutunaw na sa kahihyan sa upuan niya. Mabuti na lamang at may kadaldalang taglay si Jerry.

“He's an artist, okay?” said Jerry, trying to make them smile. “And artists are a strange bunch.”

Kumain muna sila bago pinagusapan ang mga bagay-bagay tungkol sa *The Illusion Of Connectivity*. Ayon sa mga kasama niya ay napakasarap ng lahat ng putahe, pero walang na-appreciate si Lena ni isa. Paano naman kasi niya mae-enjoy ang pagkain eh puro guilt ang nalalalahan niya; guilt sa kanin, guilt sa bagoong, guilt sa talong, at guilt sa tubig.

“How did I suspect him of being a bad guy?” tanong siya sa sarili. “He has the kindest looking

face for crying out loud! Ano ba'ng nangyari sa akin kagabi? I am so fired from this film.”

Surprisingly, the meeting went smoothly and professionally. Bukod sa pag-igtad ni Lena sa upuan tuwing ia-address siya ng kahit na sino ay wala namang naging problema. Jayce never said anything about their first meeting, at mukha namang walang alam ang kahit na sino sa mga kasama nila. But that didn't stop her from feeling ashamed. Jayce doesn't seem to be bothered by it anymore, pero konsyensyang-konsyensya siya sa ginawa niya.

She was upset last night and he kept her company. Pero sa halip na pasalamatang ay pinagkamalan pa niya itong kriminal. Kung hindi ba naman siya isa't kalahating engot! Kailangan niyang humingi ng tawad. She'd even kneel on shards of glass if it'll help her.

Nang matapos ang meeting ng mga bandang ala una ng hapon at magsimulang magsipulanan ang mga kasama ni Lena sa lamesa ay palihim niyang sinundan si Jayce para himingi ng dispensa. He walked a couple of meters from the restaurant to where his red *Isuzu D-Max*'s parked. Dahan-dahan siyang pumuwesto sa may bandang likuran nito, at nang masiguradong wala silang kakilala na maaaring

makarining ay saka lamang siya nag-salita.

“Direk...” Lena called him shyly.

“Yes,” Jayce turned to her with a serious face, “Miss Navarro, right?”

She swallowed before saying anything. “I-I just... G-gusto ko lang... I’m sorry!” she blurted out with her head down. Hindi tuloy mukhang sincere ang apology niya.

Huminga lamang ito nang malalim bilang tugon.

“Can we just please forget what happened at the bar?” pagbabakasakali niya.

He chuckled then said, “What did I do that made you felt threatened, anyways?”

“Well... You were being extra friendly and you- you kept on touching me.”

“Didn’t it occur to you that I was being extra friendly because I liked you and that I wanted to get to know you?” nailing na anito. “And for the record, I was touching you because I was trying to keep you steady. Gumegewang ka kaya sinubukan kitang alalayan. I was worried that you’ll hit your head into something, okay?”

Natameme siya doon. Wala siyang naisagot dahil kahit saang anggulo tingnan ay siya ang mali. *Anak ka ng teteng*, sa isip-isip niya.

“Can I make it up to you?” she said, attempting to look him in the eyes. “What can I do para mabawasan ang galit mo?”

“Let’s see,” he said, stroking his chin. “Bakit hindi mo simulan sa pagbawi n’ung akusasyon mo sa akin sa lahat ng taong nandoon sa bar kagabi?”

“B-but that’s impossible. I can’t even remember a single face—”

“Then, no! You can’t make it up to me at hinding-hindi mababawasan ang galit na nararamdaman ko para sa ’yo.”

Napaatras siya sa lakas ng boses nito.

Jayce chuckled. “What? Did you finally realized the seriousness of what you’ve done?” puna nito sa biglang panginginig ng buong katawan niya. “Or are you still scared that I’ll hurt you?”

Lena shook her head. “Nahihiya lang ako sa ’yo kasi—”

“Yes! You better be ashamed!” putol nito sa sinasabi niya. “I’ve never been in trouble with the

police before. I never even had a traffic violation, pero dahil sa 'yo ay muntik na akong makulong sa salang attempted rape! You almost gave my grandmother a heart attack!”

Nanliit si Lena sa paninigaw nito sa kanya. Kulang na lang ay kainin siya nito nang buhay, pero hindi naman niya ito masisi. Kung siya din kasi siguro ang nasa posisyon nito ay baka nagwawala na siya. Kalmado pa nga ito kung tutuusin.

“Hindi ko sinasadya” nakayuko pa ding ani Lena. “I’m sorry... I didn’t know what I was talking about last night. I was... I was—”

“Drunk,” pagtatapos ni Jayce sa pangungusap niya. Then with a sigh, he turned his back from her to get into his car. “Goodbye, Miss Navarro.”

“Wait!” pigil niya dito. He can’t leave without accepting her apology. “Jayce, I—”

“That’s Mr. Atienza to you,” anito saka mabilis na pinaandar ang sasakyan palayo.

Naiwan si Lena sa gitna ng kalsadang nakatulala. “Shit,” she mumbled as Jayce’s car turned right and out of sight. “Shit.”

Wala siyang ginawa habang nagmamaneho pa-

uwi kung hindi ang pagalitan ang sarili. “Curse this big mouth!” aniya habang binabagtas ang kahabaan ng C5 Road. “Why did I even drink that much in the first place? This all Dino’s fault! If he hadn’t cheated, I wouldn’t have been pissed with Hazel’s whining!”

Kung hindi siya na-badtrip sa matalik na kaibigan ay hindi siya pupunta ng Bellevue. At kung hindi siya napadpad sa nasabing hotel ay hindi sila magkakakilala ni Jayce.

“Kung hindi kami nagkita kahapon ay hindi ko sana napagkamalang halang ’yung kaluluwa niya!”

“Ano’ng nangyari sa meeting mo’t ganyan ang hitsura mo?” puna ni Hazel sa pagbusangot niya nang makarating siya ng bahay. “Wag kang mag-alala. Madami pa namang scriptwriting opportunities diyan. Basta ’wag ka lang susuko.”

“It’s not that,” aniya sabay salampak sa sofa. “The meeting went good.”

“Kung ganoon ay bakit hindi maipinta ’yang mukha mo?”

“Ganito kasi ’yun.” Umayos siya ng pagkakaupo saka idenitalye ang mga kaganapan noong nakaraang

gabi. She told her what happened at the bar and at the restaurant.

“Kasalanan mo naman pala eh,” Hazel shrugged when Lena finished telling the story. “Dapat nga ay nagpapasalamat ka’t galit lang siya sa ’yo. Puwede ka kayang kasuhan ng libel n’un.”

“Uuggghh!” Lena moaned, rolling her eyes. “I know, right?”

“Ano ba kasi ’yung pinag-iinom mo d’un at kung anu-anong kalokohan ang lumalabas sa bibig mo? I mean, he sounds like a nice guy.”

“Oo na nga! Mali na nga ako. Hindi ko naman tina-tanggi ’yun, pero bakit ayaw niyang tanggapin ’yung apology ko? Sincere naman ako ah?”

“Ewan ko,” nagkibit-balikat si Hazel. “Siguro dahil non-bailable ang kasong rape! Muntik na siyang mahatulan ng reclusion perpetua! He has all the rights para hindi ka patawaring gaga ka.”

“Hey! You’re my best friend. You’re supposed to be on my side.”

“Just think about it, Lena. Kung nagkataong legal ang death penalty dito sa Pilipinas ay nasa death row na ’yung direktor na ’yun. The least you

could do's sympathize with the man."

Napaisip siya nang malalim sa tinuran nito. Hazel's right. She didn't just humiliated Jayce, she dishonored him. She has to make it up to him hindi lang para mawala ang guilt niya. She has to do everything to *un-bruise* his ego.

Magdamag na nag-isip si Lena kung paano siya muling hihingi ng tawad kay Jayce. She thought of inviting him back to the Vue Bar, but she thought that may be it's not such a good idea dahil masyado pang sariwa ang masamang memorya nila doon. She needed to impress him with something that he can't refuse. But how's she gonna do that? Hindi naman niya alam kung ang ano ang mga bagay na gusto at ayaw nito.

Nang pumatak ang alas dose impunto ng madaling araw, a brilliant idea came to her like a miracle. "Tama! Bakit ba hindi ko kaagad naisip iyon?" Malakas na aniya habang hinahalungkat ang drawer ng bedside table niya para maghanap ng lapis at papel. "I may not know anything about him, but he did approve my script." Kung pumasa ang script niya sa panlasa nito, ibig sabihin ay nagustuhan nito ang pagsulat niya. "I'll write him poems until he decides to finally forgive me."

3

“Jayson, ang aga mo naman yatang gumising,” Lola Bella kissed him on his temple.

“Mayroon po kasi kaming auditions today,” nakangiting paliwanag niya sa abuela.

Jayce’s mother died when he’s till very young—too young to even remember what she looked like. Ang Papa naman niya ay mayroon nang ibang pamilya sa Canada. Bunso at nag-iisang lalaki si Jayce sa pamilya nila. He has four older sisters, at lahat sila ay may sari-sarili nang pamilya. One of them’s in California, one’s in Italy, and the other two are with their father in Canada. Matagal na siyang pinama-migrate ng mga ito, pero pinili niyang manatili sa piling ng lola niya. Ayaw nitong umalis dahil wala daw bibisita sa puntod ng yumaong anak nito. And so, they’ve been living alone together for the last two decades.

“Eh bakit parang puyat ka? Hindi ka ba nakatulog nang maayos?” puna ng matanda sa kakahikab niya. “Ini-insomnia ka na naman ba?”

“Hindi po. Binasa ko po kasi ’yung script kaya umaga na ako nakatulog,” he lied. Walang kinalaman

ang script sa pagpupuyat niya. Buong magdamag ay wala siyang ginawa kung hindi ang isipin si Elena 'Lena' Navarro. Who would've thought that they'd meet each other again? Who would've thought that they'd be working on the same film, right?

“Crazy,” nangingiting aniya sa sarili.

Nang makita niya ito noong mag-isa sa Vue bar ay totoong nabighani siya dito. She has a small heart-shaped face, a bob cut, and a beauty mark just under her right eye. Kaya naman hindi niya pinalampas ang pagkakataon. He approached her and befriended her. Lalo niya itong nagustuhan nang magkausap na sila. She sounded really smart and for him, intelligent is very very sexy. Everything went well between them until she freaked out and called him a rapist.

He was convinced then that she's not as smart as he first thought, but then she turned out to be a writer-making her smarter than he first thought. Mas lalo pa siyang na-attract dito nang malamang isa ito sa sumulat ng pelikula nila. He liked her more and he hated himself for that. How can he be into someone who accused him of being a molester? He's definitely nuts.

“Ano'ng nakakatawa?” untag ng kanyang Lola Bella.

“W-wala po...” uutal-utal na ani Jayce. “May naalala lang.” Kung hindi ba naman kasi siya baliw at ikinatutuwa pa niya ang misunderstanding sa pagitan nila ni Lena.

Bago mag-alas nuebe ng umaga ay dumating na siya sa opisina niya sa Paranaque. Nakapila na sa lobby ang sangkaterbang mga gustong maging parte ng pelikula. Karamihan sa mga ito ay hindi kilala, mas gusto kasi nila ni Direk Thelma ang theater actors kaysa sa mga sikat na television personalities.

Bukod kasi sa mas mura sila ay di hamak na mas magagaling din. Balak sana niyang magbasa muna ng emails bago sumabak sa auditions, pero hindi nangyari iyon. Pagpasok kasi niya sa kanyang opisina ay natigilan siya.

“Isn’t it too early for a *Johnnie Walker*?” tukoy niya sa isang bote ng *Blue Label* sa lamesa niya. “Sino sa mga talent ang sinusubukang suhulan ako para magkaroon ng part sa movie?”

“According to Manong Guard, it arrived really early this morning. Mga ala sais daw,” anang sekretarya nilang si Emmy. “And it’s not from any of the talents outside.”

“Kanino ’to galing?” takang tanong niya.

Emmy shrugged. “Walang pangalan na nakalagay, but there’s a letter that came with it.” She lifted the bottle and took the green stationary beneath it. “Ito oh.”

Inabot niya ito saka matamang pinagmasdan. He sat behind his desk, put the scotch whiskey aside, and unfolded the paper. It had a lovely smell and Jayce had to stop himself from sniffing it in front of Emmy. Para iyong pinagsamang amoy ng isang bulaklak at baby cologne. The message said:

*Alam ko na napahiya kita.
Alam ko na sa ’kin ay galit ka.
Ang sulat na ito’y para sa ’yo;
para ako ay patawarin mo.*

*Buong akala ko’y masama ka.
Pero sa ngayon ay alam ko na.
Pagkakamali’y inaamin ko.
Isa ka palang mabuting tao.*

*Nangyari ay hindi ko sinadya.
Ako’y nabigla lang ng bahagya.
Totoong lahat ay gagawin ko,
mawala lamang iyang galit mo.*

It wasn't signed, but it's obvious. Kay Lena galing ang alak at sulat. Ito lang naman kasi ang may ganoon kalaking kasalanan sa kanya. Ito lang din ang kilala niyang hihingi ng tawad sa pamamagitan ng isang personalized na tula.

“Wow,” hindi niya napaigilan ang sariling mapangiti at ma-impress.

“So?” Emmy asked. “May secret admirer ka?”

“It's none of your business,” nakangising aniya. “Nandiyan na ba si Thelma at nang masimulan na natin ang casting na ito?”

Buong araw na masaya ang mood ni Jayce. Pagod na pagod siya sa trabaho, pero hindi mabura sa mga labi niya iyong ngiting inihatid ng sulat ni Lena. Kung susulatan ba siya nito ng ganoon araw-araw ay mapipilitan siyang patawarin ito.

“Sa wakas ay mayroon na tayong actors for the lead roles,” Thelma said when she got into his office. “Buksan nga natin 'to para makapag-celebrate tayo.”

“No!” hinablolot niya mula dito ang *Blue Label*. “I'm saving this.”

It was Lena's token of apology and for some reason, it seemed to have a sentimental value to him.

“Saving it?” Thelma snapped. “For what?”

“Wala ka na doon,” Jayce shrugged. He put it inside his pedestal and locked it. “Sa labas na lang tayo uminom kung gusto mo dahil off-limits ang alak na ’yun,” aniya habang itinutulak ito palabas ng pinto.

Kinabukasan ay muli siyang nakatanggap ng peace offering mula kay Lena. Pero sa pagkakataong iyon ay isang basket ng sari-saring prutas ang kalakip ng tula. Napakaganda na naman tuloy ng mood niya kahit na nasayang ang oras nila sa auditions. Wala pa rin kasi silang napili para sa mga supporting roles ng pelikula.

*Kay ganda ng iyong mga mata;
sa dilim ay kumi-kislap sila.
Ang ’yong labi’y nakakahumaling;
sa ’yong tinig ako’y napapraning.*

*Akala ko’y masama kang tao;
kahit malinis ang intensyon mo.
Sa harap ng sangkaterbang tao,
kita’y pinahiyat ininsulto.*

*Ako sana ay patawadin mo;
sana ay magkaayos na tayo.*

*Marahil sa akin ay galit ka;
ako'y humihingi ng dispensa.*

At kung hindi lang sana mabubulok ang mga prutas na iyon, he wouldn't have let Thelma and Emmy eat them. He would've hidden them from everybody else—katulad noong ginawa niya sa *Johnnie Walker*.

Sana kapag nagpadala ulit si Lena ng regalo ay hindi na edible para puwede niyang gawing souvenir. Ang lakas naman talagang maka-macho ng panunuyo nito sa kanya.

Isang linggo na ang lumipas simula noong padalhan ni Lena ng tula at alak si Jayce, pero wala pa din siyang naririnig na kahit ano mula dito. Ganoon ba talaga ito kagalit sa kanya? Marahil ay nasa basurahan na lahat ng ibigay niya dito. He probably didn't even bother to read her messages.

“Hay...” Problemadong nangalumbaba siya sa dining table nila. Hindi siya makapagsimula ng bagong nobela dahil hindi mawala-wala ang guilt sa sistema niya. “Napakapa-hard-to-get naman ng lalaking 'yun! Ano ba'ng gusto niyang mangyari!?”

She sent him a liquor, a free ticket to Yexel's toy museum, a basket of fruits, and a bunch of imported chocolates. Aba! Daig pa nila ang nagliligawan. Malaki-laki na ang nagagastos niya sa mga iniregalo niya, pero mukhang wala talaga itong balak na bigyan siya ng pangalawang pagkakataon.

“What a jerk,” she mumbled. “Kung ayaw niya ay huwag niya! Si Lord nga marunong magpatawad, tapos siya hindi! Sino ba siya sa akala niya? Bahala siya sa buhay niya!”

“Shut up, Lena! Sino ba'ng kaaway mo diyan at ang ingay-ingay mo?” sigaw ni Hazel mula sa kuwarto nito. “Baka nakakalimutan mong graveyard ang shift ko.”

“Shut up mo mukha mo!” iritableng aniya. “Wag mo 'kong inaano't mataas ang dugo ko.”

Pagkatapos ng ilang minuto ay sinamahan siya ni Hazel sa kusina na nag-iinat at naghihikab. “Pa-hard-to-get pa din 'yung boylet mo kaya ka nagkakaganyan, ano?”

“Hindi ko siya boylet, okay?” She made a face. “At oo, pa-hard-to-get pa din 'yung direktor na 'yun. Naiirita na ako! Kung makaasta siya eh akala mo kung sino siyang guwapo!”

“Una, kahit ikaw ay aminadong guwapo siya. Pangalawa, ano nga ulit ang pangalan noong direktor na 'yun?” Pupungas-pungas na tinabihan siya nito. “Siya ba 'yung Chase? Jayce?”

Lena nodded. “Why?”

“Tumawag 'yun kahapon kaso nasa labas ka. Anyways, he asked me to tell you na mag-meet daw kayo sa *Tim Hortons* sa *Uptown Mall*.”

“He called? When?”

“Pakipot ka naman kahit kaunti,” natatawang ani Hazel. “Hindi halatang excited ka eh.”

Lena blushed at her friend's remark. Bakit nga ba siya biglang na-excite? “S-so? A-ano na nga?” kinakabahang tanong niya. “Kailan daw kami magkiki—I mean, mag-mi-meet sa *Uptown*?”

“Ngayon,” she said casually.

“Ngayon?” nanlaki ang butos ng ilong niya. “What do you mean?” She suddenly felt a pang of panic.

“Anong oras na ba?” kalmadong ani Hazel.

She checked her phone. “Ala sais na ng hapon.”

“Well,” her friend grinned, “you have less than an hour to get there dahil seven PM 'yung binanggit

niya sa 'kin.”

Tinamaan ka ng magaling! Lena thought. Hindi niya ito puwedeng indyanin at hindi din siya maaaring ma-late. Kapag nagkataon ay lalo siyang kamumuhian ni Jayce. And she can't let that happen because he's a director. He can ruin her scriptwriting career as easily as 1-2-3.

“Bakit ngayon mo lang sinabi!” Ngali-ngali si Lena na sakalin si Hazel, pero dahil nagmamadali siya ay pag-uwi na lamang niya ito bubugbugin. “Patay ka sa 'kin mamayang babae ka. Ida-dissect kita katulad n'ung palaka mo n'ung college!”

“Kung d'un ka masaya,” nagkibit-balikat ito, “suportahan kita.”

Mabilis na naligo, nagbihis, at nag-ayos si Lena. It was Friday payday kaya minabuti niya na huwag nang magdala ng sasakyan. Lahat ng route na maaari niyang daanan ay kulay pula sa *Waze*. The traffic will surely be terrific. At kung hindi man siya maiipit sa traffic ay mahihirapan din siyang maghanap ng parking space, kaya minabuti niyang mag-book na lamang ng motor sa *Angkas*. Sisinghutin na lamang niya ang lahat ng usok sa kalsada kaysa ang mahuli ng tatlong oras.

Tim Hortons was crowded when Lena arrived there at twenty minutes past seven. Sangkaterbang magpapamilya at magjojowa ang nasa loob at labas ng nasabing coffee shop, so she had a hard time spotting Jayce. And when she finally saw him sitting at the corner near the counter ay nagdalawang-isip pa siyang lapitan ito.

“Paano kung nakipagkita lang siya para sigawan ulit ako?” she asked herself nervously. “What if this is just a trap? Ano’ng gagawin ko kapag pinahiya niya ako sa harapan ng mga taong ’to?” Umuwi na lang kaya siya? “Papalipasin ko na lang muna siguro ’yung galit niya.” And she’s about to turn around when he called her.

“Miss Navarro,” Jayce stood up and waved at her, “here.”

“Oh, God!” mahinang dasal niya. “Huwag N’yo po akong pababayaang. Tulungan N’yo po si Jayce na mahanap ang pagpapatawad sa puso niya.”

“I’m glad you could come,” nakangiting anito ng makalapit siya. “Have a seat.”

His smile looked genuine, pero hindi pa din niya mapigilang hindi mangamba.

“H-hello...” halos pabulong na tugon niya saka

alangang umupo sa silyang hinila nito para sa kanya. “S-salamat,” she said, swallowing the huge lump behind her throat. Iyon na yata ang tinatawag na ‘*Calm before the storm?*’.

Jayce wa acting way too nice and way too friendly it was making her more nervous.

“So what are you having?” he asked her politely.

“U-uhhmm... K-kahit ano.”

Tumayo ito at iniwan siya para um-order, and she was more than tempted to run away. Kulang na lamang ay kainin siya ng buhay nito noong huli silang nagkita. Bakit ngayon ay ang bait-bait nito sa kanya? She’s glad na hindi na umuusok ang ilong nito, pero hindi niya mapigilan ang sariling hindi magduda. How did he manage to have a change-of-heart? Ganoon ba kaganda ang mga tula niya’t naglahong parang bula ang galit nito sa kanya?

She turned to Jayce’s direction and looked intently at him. “Pinagtitripan siguro ako nitong mokong na ’to,” she mumbled. “I swear, if you do one suspicious move, ipapakain ko sa ’yo ’tong takong na suot ko.”